
4

# Sining

## Ikatlong Markahan – Modyul 1: Halina't Gumawa ng may Tekstura




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_Arts 4_ Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Halina't Gumawa Ng May Tekstura**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mary Justine Sienne D. Corporal |
| **Editor:** | Francis Durante |
| **Tagasuri:** | Cynthia T. Montañez |
| **Tagaguhit:** | Emma S. Malapo |
| **Tagalapat:** | Mary Justine Sienne D. Corporal, Jogene Alilly C. San Juan |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad |
| | Francisco B. Bulalacao, Jr. |
| | Grace U. Rabelas |
| | Ma. Leilane R. Lorico |
| | Jerson V. Toralde |
| | Belen B. Pili |
| | Randy Bona |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Sining

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## Halina't Gumawa ng may Tekstura

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Isang maganda at makabuluhang araw sa iyo kaibigan!

Sa pamamagitan ng modyul na ito ay ipamamalas ang paghanga sa mga disenyo at produktong Pilipino sa pamamagitan ng paggamit at pagtangkilik sa mga ito.

Sa pagpapatuloy ng modyul na ito ay matatamo mo ang mga sumusunod na layunin:

A. Napalalawak ang kaalaman sa tekstura ng mga bagay.
B. Nailalarawan ang mga katangian ng tekstura ng mga bagay.
C. Nakagagawa ng isang disenyong panggilid gamit ang mga bagay na may iba't ibang tekstura.

## *Subukin*

Bago mo simulan ang modyul na ito, subukin muna natin kung hangang saan ang alam mo. Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung tama ang pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung mali.

1. _________ Maraming mga produktong gawa sa Pilipinas na ikinakalakal sa ibang bansa ang nagugustuhan ng mga dayuhan dahil sa tibay at kakaibang ganda.

2. _________ Taglay ng mga produktong ito ang iba't ibang tekstura (*texture*). Ang mga basket, banig, at *bag* na yari sa yantok ay may testurang matigas at magaspang.

3. _________ Ang tekstura ng isang bagay ay naaayon sa uri ng materyal na ginamit dito.

4. __________ Ang mga *basket* na yari sa yantok ay matitigas at may kagaspangan.

5. __________ Bukod sa mga tunay na bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran, nalalaman din natin ang tekstura sa pamamagitan ng pandama o paghipo o teksturang *tactile*, at pagmamasid o teksturang biswal.

MAGALING!

Ilan ang nakuha mo?

Nasiyahan ka ba habang sinasagutan ang mga katanungan?

Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang din kung di mo nakuha lahat dahil mas lalo pa natin ito lilinangin sa pagpapatuloy ng modyul na ito.

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa kaugnayan ng mga bagay sa larawan batay sa laki at taas ng mga ito.
   A. krokis
   B. hugis
   C. laki
   D. proporsyon

2. Kapag ang mga bagay na iyong iguguhit ay ibig mong magmukhang malayo sa paningin, ano ang dapat mong gawin?
   A. Gawing mas maliit ang pagkakaguhit nito kumpara sa mga bagay na dapat makita sa malapit.
   B. Gawing malaki ang pagkakaguhit kumpara sa mga bagay na dapat makita sa malapit.
   C. Iguhit ito sa pinakamababang bahagi ng papel.
   D. Iguhit ito sa pinakamataas na bahagi ng papel.

3. Ano ang tawag sa larawan na ang karaniwang paksa ay mga bundok, burol, at puno?
   A. espasyo
   B. kulay
   C. lapad
   D. proporsyon

4. Bakit kailangang isaalang-alang ang proporsyon at espasyo sa pagguhit?
   A. Upang maging makulay ang larawang iginuhit.
   B. Upang maging kakaiba ang larawang iginuhit.
   C. Upang maging mas makatotohanan ang larawang iginuhit.
   D. Upang maging malamlam ang kulay ng larawang iginuhit.

## *Tuklasin*

Alam mo ba?

- Maraming mga produktong yari sa Pilipinas na kinakalakal sa ibang bansa ang nagugustuhan ng mga dayuhan dahil sa tibay at kakaibang ganda ng mga ito. Karaniwang makikita sa mga produkto ang iba't ibang disenyo na nagpapakilala ng lugar o pangkat na pinagmulan nito.

- Nagtataglay ng iba't ibang tekstura ang lahat ng bagay. Ang mga *basket* na yari sa yantok ay matitigas at may kagaspangan. May mga *bag* naman na malalambot at makikinis. Ang tekstura ng isang bagay ay naaayon sa uri ng materyal na ginamit dito. Bukod sa mga tunay na bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran, nalalaman din natin ang tekstura sa pamamagitan ng pandama o paghipo o teksturang *tactile*, at pagmamasid o teksturang biswal.

**Tingnan ang ilan sa mga produktong Pilipino:**




**Source:** evsukraymarabut.wordpress.com/ lazaropatricia.wordpress .com

**Ibabaw na bahagi ng banig**






**Bag na yari sa buri Magaspang na tekstura**

**Source:** https://www.facebook.com/Buri-Products-Devilla-Marinduque-1819231081713104/

**Mga Pantalya (lampshades) na gawa sa Pampanga na may makinis na tekstura**



**Source:**Musika at Sining4 Kagamitan ng guro p.265

## *Suriin*

A. Masdan nang mabuti ang larawan sa ibaba at sagutin ang mga kasunod na katanungan.



Ano-anong mga disenyo ang nakikita ninyo sa larawan? Ano ang masasabi mo sa tekstura ng dahon na nasa mga larawan?

**Source**: Musika at Sining 4,Kagamitan ng Guro P.264



**BURI**



Anong tekstura mayroon ang buri *basket*?

**Source:** http://www.mangyan.org/products/buri-basket-bay-ong

**BARONG TAGALOG**



Anong tekstura ang mayroon ang barong tagalog?

**Source:** http://pilipinasakingbayan.blogspot.com/

**RATTAN BASKET**



Ano ang tekstura ng rattan *basket*?

**Source:** https://www.naturalrattan.com/product/versail-round-rattan-basket-set-of-2/

## *Payamanin*

1. Paglalahat

   Ano ang napapansin ninyo sa mga tekstura ng mga bagay sa paligid? Ang mga bagay sa paligid ay nagtataglay ng tekstura. Ito ay maaaring may magaspang, malambot, at makinis na tekstura.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Repleksyon

   Paano mo maipagmamalaki ang mga produkto sa inyong pamayanan?


   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

## Isaisip

Sa pagguhit, kailangang bigyan ng pansin ang tekstura ng larawan/bagay upang mabigyan ito ng buhay. Sa pamamagitan nito makikita kung ang sining ay may tekstura. Kung ito ay magaspang tulad ng lupa at makinis tulad ng dagat kapag nasisinagan ng araw. Ang mga bagay sa paligid natin ay nagtataglay ng iba't ibang tekstura, maaaring ito ay magaspang, malambot, at makinis na puwede nating gamitin sa paggawa ng iba't ibang disenyong panggilid o *border design*.

## *Isagawa*

TARA MAGPINTA!



Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag aaral p. 208

### Disenyong Panggilid (*Border Design*)

Kagamitan: *oslo paper*, *cardboard*, pandikit butones, *hairclip*, *barbecue sticks*, barya ng iba't ibang halaga, mga dahon na may iba't ibang hugis at tekstura, *acrylic paint*, *paint brush*, gunting, dyaryo, at lumang plastik

**Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Pumili ng mga mga dahon na may iba't ibang laki at tekstura.

2. Ayusin ang mga napiling dahon. Ang disenyong gagawin ay maaaring katulad ng mga disenyo sa iyong paligid o komunidad. Iayos ang mga ito sa ibabaw ng mesang paggagawaan.

3. Kulayan ang mga dahon ng *acrylic paint* (kulayan lamang ang bahagi ng dahon na may tekstura para lumitaw ang disenyo).

4. Ayusin ang mga dahon sa gilid ng *oslo paper*. Pagkatapos maihanay ang mga dahon, maaari na ipatong ang *oslo paper* sa mga nakaayos na dahon sa ilalim nito.

5. Idiin nang maigi ang kamay sa ibabaw ng *oslo paper* para bumakat ang mga tekstura nito na nasa ilalim.

6. Alisin nang marahan ang *oslo paper* (at ang mga dahon na nasa ilalim nito).

7. Patuyuin ang papel na may disenyong panggilid.

## *Tayahin*

**Panuto:** Bigyan ng kaukulang puntos ang inyong naging pagganap gamit ang rubrik na nasa kasunod na pahina.

| PAMANTAYAN | Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi Nakasunod sa pamantayan (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nasunod ko ang pamamaraan sa paglilimbag at nakabuo ng sariling disenyo. | | | |
| 2. Gumamit ako ng mga bagay na may iba't ibang tekstura sa pagbuo ng disenyo. | | | |
| 3. Naipaliwanag ko ang natapos na likhang-sining. | | | |
| 4. Napahalagahan ko ang likhang sining sa pamamagitan ng paggamit at pagbahagi nito sa iba. | | | |
| 5. Naitanghal ko ang natapos na gawain. | | | |

## *Karagdagang Gawain*

Magsaliksik ng mga halimbawa ng *ethnic designs*. Iguhit ito sa papel at ihanda para sa susunod na aralin.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☺

**Balikan**

1. A
2. A
3. C
4. C

## *Sanggunian*

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.208.,Book Media pres Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon ,Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 264-265, Book Media Press, Inc.,

Buri Products-Devilla Marinduque. Facebook. 2018. https://www.facebook.com/Buri-Products-Devilla-Marinduque-1819231081713104/

Rattan Basket. Wisanka Indonesia. 2021. https://www.naturalrattan.com/product/versail-round-rattan-basket-set-of-2/

Buri Basket. http://www.mangyan.org/products/buri-basket-bay-ong

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph